



EDITORIAL

## Palakasin, palawakin at pakilusin ang baseng masa para sa digmang bayan

**A**ng malawak at malalim na suporta ng masa ang pinakasusing salik kung bakit hindi kailanman magagapi ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang isinusulong nitong armadong rebolusyon. Kahit napakalaking halimaw ng kaaway at kahit pa gamitin ang lahat ng buhong na paraan ng panlulupig, hindi nito ganap na mapaghihiwalay ang masa at ang BHB at di magugupo ang kanilang pasyang sumulong sa landas ng digmang bayan.

Buo ang pasya ng BHB na tuparin ang tungkulin nitong pukawin, buklurin at malawakang pakilusin ang masang magsasaka, at gayo'y patatagin at palawakin ang baseng masa ng hukbo. Susi rito ang pagsusulong ng malawakang kilusang antipyudal sa kanayunan para labanan ang lalong tumitinding mga anyo ng pang-aapi at pagsasamantala sa mga magsasaka.

Palagiang nagmamalasakit ang BHB sa masa, inaalam ang kanilang mga kalagayan at mga hinaing at kumikilos para tulungan silang kolekti-

bong lutasin ang mga ito. Matamang pinag-uukulan ng pansin ng BHB ang mga problema sa ekonomya, kabuhayan, produksyon, kalusugan, kalinisan, edukasyon, kultura, kaayusan at seguridad, droga at iba pa.

Susi sa lahat ng ito ang ekonomya o ang usapin ng produksyon at paano pinakikinabangan o ipinagkakait sa masa ang yamang kanilang nilikha. Matiyaga silang minumulat na hindi makatarungan at walang bigay-ng-diyos na karapatan ang mga panginoong maylupa, o

*"Palakasin..." sundan sa pahina 2*

## 16 atake ng BHB sa 9 na prubinsya

HINDI BABABA SA 16 armadong aksyon sa siyam na prubinsya ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa nakaraang dalawang linggo. Ipina-kikita nito ang determinasyon ng BHB na biguin ang ambisyon ng pasistang rehimen na gupuin ang armadong rebolusyon.

**Albay.** Tinambangan ng isang yunit ng BHB ang sasakyan ng 93rd Special Action Company-PNP noong Abril 3 sa Barangay Aliang, Ligao City. Dalawang pulis ang napatay at dalawa ang sugatan. Walang sibilyang nadamay sa operasyon, taliwas sa ipinalalaganap ng militar.

**Lanao del Norte.** Pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong mga sundalo sa mabundok na bahagi ng Sityo Salingsing, Barangay Rogongon, Iligan City noong Marso 31, alas-11 ng umaga. Siyam na sundalo ang naiulat na napaslang at apat ang nasugatan. Pagkahapon, pinaputukan ng isang yunit ng BHB ang detatsment ng CAFGU sa Sityo Binasan sa parehong barangay. Isang elemento ng CAFGU ang napatay at dalawang sundalo ang nasugatan. Saklaw ng 4th Mechanized Infantry Battalion ng 1st ID ang lugar.

**Bukidnon.** Limang sundalo ang napatay sa serye ng atake at kontra-atake sa pagitan ng BHB-Bukidnon at 1st Special Forces Battalion (SFB) noong Marso 20 sa San Rafael, Tala-

*"15 atake..." sundan sa pahina 3*

ang mga usurero at komersyante na angkinin ang yamang bunga ng kanilang pawis at pagod. Dapat dalhin ng BHB sa bagong antas ng lawak at sigla ang pag-abot, pagbubuklod at pagpapakilos sa masang magsasaka. Alinsunod sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa, uboskayang isulong ang mga pakikibaka para ibaba ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, ibaba ang interes sa pautang at itaas ang presyo ng kanilang mga produkto. Dapat iluwal ang malalawak na pakikibaka laban sa Rice Tariffication Law, Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act, liberalisasyon sa pag-aangkat ng kar-neng baboy, manok at mga produktong pang-agrikultura at iba pang batas at patakarang pahirap sa masang magsasaka. Lalo itong nagiging kagyat sa harap ng matinding krisis sa ekonomya at kabuhatan.

Sa harap ng pagtaas ng presyo ng pagkain at kasalatan, dapat patuloy na magtulungan ang masa at mga Pulang mandirigma sa paglulunsad ng mga kampanya ng pro-

duksyon ng mga halamang ugat at gulay. Dapat ding palakasin ang kilusang masa para harapin ang pandemyang Covid-19 sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang kaalaman at pagtupad ng mga hakbanging pag-iwas, pangangalaga sa kalusugan, paghahanda ng mga pasilidad at pagbibigay ng nauukol na pag-aalaga sa matatanda at pagsingil sa kapalpakan ng reaksyunaryong rehimen.

Dapat ding ibayong palakasin ang pakikibaka ng masang magsasaka at mga minoryang mamamayan laban sa iba't ibang anyo ng pangangamkam ng lupa ng malalaking panginoong maylupa at malalaking kapitalista para sa pagtatayo o pagpapalawak ng mga plantasyon, operasyon sa pagmimina, proyektong pang-enerhiya, ekoturismo at iba pa.





Dapat palakasin at patatagin ang mga lokal na rebolusyonaryong organisasyong masa at mga sangay ng Partido. Dapat tiyakin ang tuluytuloy na pagtakbo ng mga ito. Hindi dapat hayaang maputol ang dugtong sa mga ito ng mga panteritor-

yong komite ng Partido at mga kumand ng BHB sa larangan at mga distrito. Palakasin ang pagsasanay at pagpapaunlad ng mga lokal na kadre at lider masa, itaas ang kanilang kakayahan sa pamumuno at pagpapakilos sa masa.

Dapat tuklasin ng mga kadre, mga lider, aktibista at masa ang mga paraan ng mahigpit na paglilihim upang panatilihin bulag at bingi ang mga pasista kahit pa sila'y nasa mismong tungki ng ilong ng kaaway. Dapat magpakabihasa sa mga taktika ng paglaban sa militarisasyon sa kanilang lugar, sa iba't ibang paraan ng tuwiran o di tuwirang pagsuway sa mga utos ng mga pasistang sundalo, pagtutol sa mga paghihigpit, paglaban sa pwersahang pagrekrut sa paramilitar, iligal na pag-aaresto at pamamaslang, paglantad at pagbatikos sa midya at *social media* sa ipinakakalat na disimpormasyon at mga kasinungalingan, at pagtakwil sa kanilang presensya. Dapat magpakahusay ang mga yunit ng BHB sa lihim na tuluy-tuloy na pag-ugnay sa masa at paglulunsad ng mga armadong aksyon laban sa mga pasistang naghahari-harian sa mga baryo.

Dapat pagplanuhan ng kinauukulang kumand ng hukbo at pamunuan ng Partido ang pagpapalapad ng kanilang teritoryo at pagbubuo ng mga bagong larangang gerilya, habang pinatatatag at pukpukang nakikipaglaban sa mga umiiral na larangan at mga baseng gerilya. Habang lalong lumalapad ang kalupaang saklaw ng digmang bayan, lalong matutulak ang kaaway na banatin ang kanyang pwersa at ilantad ang mahihinang bahagi nito para targetin ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Sa tuluy-tuloy na pagpapalapad ng nakikilusang teritoryo ng mga yunit ng BHB, lalo nitong magagawang hawakan ang inisyatiba sa digmaan. Dapat tuluy-tuloy na ilunsad ng BHB ang mga anihilatibong taktikal na opensiba na may tiyak na tagumpay laban sa mahihinang nakahiwalay na yunit ng kaaway

 <p>Tomo LII Blg. 7   Abril 7, 2021</p> <hr/> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> @prwc_info</p> <p> fb.com/editorsofAB</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p><b>Editorial:</b> Palakasin, palawakin at pakilusin ang baseng masa para sa digmang bayan 1</p> <p>16 atake ng BHB sa 9 na prubinsya 1</p> <p>#NPA52, ipinagdiwang 3</p> <p>Kapit-bisig ang masa at hukbo 4</p> <p>Baseng masa, lumalawak sa Cagayan 5</p> <p>Pagpupugay kay Ka Rosalino Canubas 5</p> <p>Sa madaling salita 6</p> <p>Kalsada ng korapsyon at gera 7</p> <p>Pagkalugi ng mga magsasaka ng abaka 8</p> <p>Lider-union at mga magsasaka, pinatay "Huli week" 9</p> <p>ECQ sa Metro Manila at 3 prubinsya 9</p> <p>Armadong paglaban sa Myanmar 10</p>
<p style="text-align: center;">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

"Labanan..." mula sa pahina 1

para sa layuning kunin ang mga sandata ng kaaway. Kaakibat ng mga ito ang mga atritibong taktikal na opensiba para ganti-han, guluhin o di patulugin ang kaaway sa kanilang mga detatsment o kampo. Dapat ipakat ng BHB ang mga yunit partisano sa mga lunsod o sentrong bayan para targetin ang mga pasistang nasa likod ng mga krimen laban sa masa, at para wasakin ang mga linya ng komunikasyon, transportasyon at suplay ng kaaway.

Lalo pang nagiging paborable ang pagsusulong ng digmang bayan sa Pilipinas sa harap ng sumisidhing krisis ng naghaharing sistema at labis na pasistang kalupitan sa ilalim ng tiranikong rehimen. Ang hindi matiis na pagdarahap at tumitinding pang-aapi at pagsasamantala ang nagtutulak sa mamayang Pilipino na suungin ang landas ng armadong rebolusyon. Dapat tuluy-tuloy na magpakahusay ang Partido at BHB sa pagbalanse at pagkombina ng armadong pakikibaka at pakikibakang pampulitika, ng gawaing masa at gawaing militar, para malawakang pakilusin ang masa sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan. **AB**

"15 atake..." mula sa pahina 1

kag. Apat na elemento ang napatay nang tambangan ng BHB ang isang kolum ng 1st SFB na nanghalihaw sa kagubatan bandang alas-3 ng hapon. Bago nito, alas-10 ng parehong araw, sinalakay ng 1st SFB ang himpilan ng BHB kung saan dalawang Pulang mandirigma at isang sundalo ang namatay.

**Agusan del Sur.** Inambus at napatay ng BHB ang isang elemento ng CAFGU sa Barangay Sto. Niño Patrol Base sa Bayugan City noong Marso 28.

**Oriental Mindoro.** Isa ang napaslang na elemento ng 203rd IBde nang paputukan ng BHB ang kaniyang himpilan sa Malu, Bansud noong Marso 28 sa distansyang 10 metro. Sa sobrang gulantang, walang patumanggang nagpaputok ang mga sundalo.

**Sorsogon.** Napatay sa operasyong partisano noong Marso 28 ang ahenteng paniktik ng 31st IB at kasapi ng CAFGU sa Barangay San Antonio, Barcelona.

**Panay.** Pitong atake ang inilusad ng mga pwersa ng BHB sa isla laban sa mga sundalo at pulis. Noong Marso 30, tatlong beses nilang pinaputukan ang nag-ooperasyong mga sundalo ng 12th IB sa ngalan ng Retooled Community Support Program sa mga barangay ng Siya at Lahug sa Tapaz, Capiz. Gabi ng Marso 23, pi-

naputukan nila ang detatsment ng CAFGU sa Bagacay, Igaras, Iloilo. Noong Marso 21, pinaputukan ng BHB ang mga pulis sa Grasparil, Sibalom, Antique. Sa sumunod na araw, tatlong pulis ang nasugatan matapos silang paputukan ng BHB sa Onop, Miag-ao, Iloilo.

Noong Marso 29, iniulat naman ng BHB-Bicol ang armadong aksyon nito sa Masbate at Albay. Tinambangan at pinasabugan ng yunit nito ang nag-ooperasyong mga sundalo sa Masbate City. Napatay ang dalawang sundalo at isa ang nasugatan. Sa Albay, pinalalisa naman nito ang operasyon ng Ibalong Resource Development Company sa Barangay Miiti, Camalig, Albay. Pumipinsala sa kalikasan at nang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka ang naturang kumpanya.

**Northern Samar.** Sugatan ang isang sundalo matapos tambangan ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Poponton, Las Navas noong Marso 6. Samantala, iniulat din ng yunit ng BHB sa prubinsya ang pagkapsalang ng isang pulis at pagkasugat ng isa pa matapos ang magkakasunod na operasyong haras ng hukbong bayan noong Pebrero 16-19.

Napaslang sa operasyong isinayp ng BHB ang isang sundalo sa Barangay Tarabucan, Matuguinao, Western Samar noong Pebrero 4. **AB**

## #NPA52, ipinagdiwang



ISINAGAWA ANG MGA selebrasyon para sa ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29 sa gitna ng walang lubay na operasyon ng Armed Forces of the Philippines.

Ipinagdiwang ang anibersaryo sa kanayunan at kalunsuran ng Southern Tagalog sa gitna ng papatinding pasistang atake ng rehimeng Duterte sa rehiyon. Sinuong ng mga kalahok sa selebrasyon ang masinsing pakat ng kaaway para makarating sa himpilan ng BHB sa rehiyon. Sa kalunsuran, malakas ang panawagan sa BHB na igawad ang rebolusyong hustisya para sa mga biktima ng te-

rorismo ng rehimen.

Pinagpugayan ng BHB-Negros ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa kanilang mga tagumpay at pagpapatuloy ng armadong pakikibaka. Mula sa 60 pwersang natira mula nang maglunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ngayon ay mayroon na itong limang larangang gerilya na nakalatag mula sa hilaga hanggang

timog ng Negros.

"Pakyas ang US-Duterte!" (Bigo ang rehimeng US-Duterte!) ang pambungad na mensahe ng NDF-Northeastern Mindanao Region. Nanawagan ang Regional Operational Command ng rehiyon na pangibabawan ang mga kahinaan tulad ng konserbationong militar. Inulat nito ang apat na malalaking taktikal na opensiba kung saan nakumpiska ang matataas na kalibre ng armas sa Surigao del Norte at Surigao del Sur.

Nagkaroon din ng programa ang mga Pulang mandirigma sa Southern Mindanao Region.

# Kapit-bisig ang masa at hukbo sa Ilocos-Cordillera

Tulad ng sa ibang lugar sa bansa, nagdulot ng malaking hamon sa mga yunit ng hukbong bayan at rebolusyong mamamayan ang pandemyang Covid-19 at tumitinding pasismo ng estado sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera. Ang mga ito ay determinadong hinarap ng mga yunit ng hukbong bayan sa rehiyon.

Kabilang dito si Ka Emil, isang kabataang rebolusyong mamamayan na tumatayong upisyal sa kabuhayan (lohistika at suplay) ng kinabibilangan niyang platun. Dahil sa *lockdown*, nalimitahan ang daluyan ng gamot, pagkain at pangangailangan ng masa at hukbo. Para igpawan ito, natulak silang maging mapanlikha, mag-isip at magsagawa ng bagong moda ng pagkilos at higpitan ang pagtangan sa disiplinang militar.

"Bilang upisyal sa kabuhayan, isang malaking hamon sa akin ang pag-iisip ng mga paraan para makatulong sa pag-agapay at pagpapataas sa kabuhayan ng masa sa panahon ng pandemya," ani Ka Emil. Naglunsad sila ng kampanyang kalusugan at edukasyon hinggil sa Covid-19 para pawiin ang takot ng mga taga-baryo at ipaunawa ang kahalagahan sa pagsunod sa mga protokol sa kalusugan habang itinutalak ang pagpapatuloy sa produksyon.

Kasunod na inilunsad ng yunit ang kampanyang pagpapataas ng antas ng produksyon ng Hukbo at ng masa. "Mas naging regular ang partisipasyon ng hukbo sa produksyon kaysa nakaraan," ani Ka Emil. "Dito talaga tumimo sa akin at sa mga kasama ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos at paglunsad ng rebolusyong agraryo," aniya.

Sa isang baryo, nakapag-ani ang hukbo at masa ng sako-sakong kala-

basa, kamote, gabi, at sayote, na dati'y hindi gaano pinapansin dahil mayroon namang mga komersyal na pagkain. "Hinimok din namin ang pagtanim ng tubo at kape bilang panghalili sa komersyal na asukal at kape. Ang mga tanim na makatutulong sa pagpalakas ng resistensya tulad ng suha, "perres" (katutubong lemon) at lagundi, na dati'y napabayaan ay pinayabong at pinakinabangan. Kasabay ng pagtaas ng kapasidad ng masa na magprodyus ng pagkain ang kanilang kapasidad na suportahan ang hukbong bayan.

Nang naging makilos ang yunit, kinailangan nilang magmaniobra sa kalapit na gubat. "Malaking bentahe ang kaalaman sa halamang gubat at kasanayan sa pangangaso," aniya. Kwento niya, sa mga panahong hindi sila nakalalapit sa baryo, nakayanan nilang mabuhay sa likas na yaman ng gubat, sa mga ligaw na prutas at gulay, palos at baboy ramo. Dahil dito'y mas tumaas ang kanyang pag-unawa sa kahalagahan ng

pangangalaga ng kalikasan.

Naging malaking hamon kahit sa personal na pagpapanibagonghubog ni Ka Emil ang kinaharap na kalagayan. "Noong unang mga buwan ng pandemya, naitanong ko sa sarili ko, kakayanin ko ba?" Pero siya rin ang sumagot sa sariling tanong. "Hindi ko malalaman hanggang di ko maranasan." Tangan ang rebolusyong determinasyon, higit pa siyang nagpunyagi sa kanyang tungkulin.

"Katumbas ng militarisasyon ang mas mahahaba at mahihirap na lakaran, puyat at pagod," aniya. Lumaki siya sa lunsod at kumportableng buhay. "Kailangan kong magdoble-kayod para makaangkop. Nahirapan akong kumilos noong una, at paminsan-minsan ay bumababa pa rin ang moral, pero unti-unti na akong nakaaangkop." Kwento niya, mas naging bukas siya sa mga kasama sa pagsasabi ng mga naisip at nararamdaman. "Natutunan kong buong sumandig sa mga kasama at masa," aniya.

Napatunayan niya sa sarili na kakayanin ang mga hirap at sakripisyo sa pagiging Pulang mandirigma. "Kaya ko palang isapraktika ang simpleng pamumuhay at puspusing pakikibaka. Nakahanda ako at aming yunit na suungin ang mahigpitan na kalagayan at mas malalaking hamon."

"Ika nga sa mensahe ng Komite Sentral sa ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa pangu- nguna ng Partido ay determinado ang malawak na masa ng sambayanan na labanan ang mga pasistang atake, ibagsak ang rehimeng US-Duterte at isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay," pagwawakas niya. AB



# Baseng masa, lumalawak sa Cagayan Valley

Patuloy na lumalawak at lumalalim ang suportang masa sa makatarungang digmang bayan. Ito ang inihayag ni Elias Almazan, ang pampulitikang upisyal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Cagayan Valley (Fortunato Camus Command). Sa panayam ng *Baringkuas* (rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon), idiniin niya na hindi nahadlangan ng maiigting at masinsing mga operasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ang paglawak at pagkonsolida ng rebolusyonaryong baseng masa sa rehiyon.



Ani Ka Elias, habang abala ang AFP at PNP sa paglulunsad ng mga laking-batalyon o brigadang operasyong militar at matagalang mga operasyong Retooled Community Support Program (RSCP) sa mga baryo, nakapagparami at nakarekober ang mga yunit ng BHB ng dumaraming bilang ng mga baryo at bayan na hindi saklaw ng mga nakapokus na operasyong militar. Nadagdagan ng ilang libong bagong kasapi ang baseng masa ng mga larangang gerilya mula 2020.

Hindi lamang naaabot ng mga platon ng BHB ang magkakarugtong na mga baryo at komunidad sa mga interyor at gilid ng mga kabundukan, kundi pati ang kapatagan at tabing mga haywey at dagat.

Aniya, sa lahat ng mga lugar na nirekober ng hukbo, mainit pa rin ang pagsalubong sa kanila ng masa, lalo iyong mga nagdurusa sa kahirapan at pagsasamantala.

Walang kwenta at lantay na propaganda lamang ang ginagawa ng militar na pamimilit sa mga lokal na guberno na ideklara ang BHB bilang "persona non grata." Ito ay dahil ang taumbaryo mismo ang humihiling na saklawin ng BHB ang kanilang lugar para idulog ang kanilang mga suliranin.

Kabilang sa mga tampok na suliranin ang laganap at iba't ibang anyo ng pangangamkam ng lupa. Pangunahing isinasagawa ang mga ito ng malalaking panginoong may-lupa, pribadong kumpanya, ahensya ng guberno at kasapakat nitong mga kontraktor.

Dagdag dito ang sari-saring anyo ng malapyudal na pagsasaman-

tala kagaya ng napakataas na interes sa pautang at iba pang porma ng pang-uusura, mababang presyo ng produkto ng magsasaka, at mga anyo ng komersyanteng pandaraya sa pagbili sa kanilang mga produkto. Ani Ka Elias, "para sa masa, ang BHB lamang ang nakikita nilang tapat at masiglang naghahapag ng wastong solusyon sa mga usaping kinakaharap nila."

Patuloy na nakikilusan at hindi naiiwanan ng BHB ang mga baryo at bayan na saklaw ng matagalang operasyon ng RCSP. Upang lihim na maabot ang mga ito, nagpapadala ang mga platon ng mas maliliit na yunit para umugnay sa masa at maglunsad ng mga kakayaning gawain.

"Inutil ang mga operasyon at saywar ng kaaway dahil madaling

maunawaan ng mamamayan na ang AFP ay nagpapanggap lamang na nagbago na mula sa katangian nitong kontra-mamamayan."

Puhunan ng hukbong bayan ang rebolusyonaryong kamulatan na ilang dekada nang naitanim at sumibol sa hanay ng mamamayan. Lumalawak ang saklaw na teritoryo at dumarami ang mga baryo at klaster ng mga baryo na natatayuan ng mas matataas na antas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at kani-kanilang mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika.

"Kahit pa iniuuna sa kasalukuyan ang pagpapalawak, kailangan ding ikumbina ito sa pagpapatatag ng baseng masa," pagwawakas niya.

AB

## Pagpupugay kay Kasamang Rosalino Canubas

NAGBIGAY-PUGAY ANG KOMITE SENTRAL ng Partido Komunista ng Pilipinas at ang Panrehiyong Komite nito sa Cagayan Valley kay Kasamang Rosalino Canubas (Ka Yuni), panrehiyong kumander ng BHB sa Cagayan Valley, na napaslang sa isang labanan sa Barangay San Mariano Sur, San Guillermo, Isabela noong Marso 15.


Ang parangal ng Komite Sentral ay isinaad sa mensahe nito noong Marso 29. Anito, isa si Ka Yuni sa mga nakababatang kadre ng Partido na nahalal sa Komite Sentral sa Ikalawang Kongreso ng Partido noong 2016. Ito ay bilang pagkilala sa kanyang mga naging kontribusyon sa gawaing militar sa panahong siya'y nasa Southern Mindanao at Western Mindanao.

Sa Cagayan Valley, kung saan siya huling itinalaga, nakilala si Ka Yuni sa kanyang kapangahasan, anuman ang makaharap na sagabal at maranasang hirap. Si Ka Yuni ay ang unang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Cagayan Valley.

Mababasa ang parangal ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa Cagayan Valley sa [cpp.ph](http://cpp.ph).

## 350,000 MT

ang **pinahintulutan ni Duterte** na aangkating **karneng baboy** sa mas **mababang taripa** na **5%** (mula 30%).



Ito ay 99.6% na mas mataas sa aktwal na kakulangan at tiyak na **pipinsala sa lokal na mga babuyan.**

## \$850 bilyon

ang **halaga na nawawala** kada taon sa **produktibidad ng mga manggagawa** sa mahihirap na bansa dulot ng **malnutrisyon.**

Pinagkunan: Global Nutrition Report 2020

Tumaas tungong

## 12 milyon

mula sa **10.5 milyon**

noong Enero ang **Pilipinong walang trabaho** noong **Pebrero.**

Papataas pa rin ang bilang nila sa kabila ng pagbawi na ng kita ng malalaking negosyo mula huling bahagi ng 2020.

Pinagkunan: Ibon Foundation




## ₱1,000

lamang ang **ayudang ibinigay** ng **guberno** matapos ipataw ang **2-linggong lockdown** sa **Metro Manila** at kalapit na prubinsya. Mahigit **dalawang araw** lamang ang **katumbas** nito sa **arawang sahod** ng mga **manggagawa.**

## ₱58.4 bilyon

na ang **inutang ng rehimeng Duterte** para **ipambili ng bakuna** pero


**pa rin ang napipirmahan nitong kasunduan sa pagbili.**



Umabot na sa

## 169 milyon

ang **nabakunahan** sa **US** noong **Abril 6**, sa bilis na umaabot sa **4 na milyong naituturok** kada araw.



Umabot sa

## 222

## barkong milisya

ng **China** ang iligal na namalagi sa **Julian Felipe Reef** noong **Marso.**

# Mga kalsada ng korapsyon at gera sa Northern Mindanao

**B**ukambibig ng reaksyunaryong guberno na pabilisin ng mga *farm-to-market road* (FMR) o mga kalsadang mula sa mga sakahan tungong pamilyan ang transportasyon ng ani ng maliliit na magsasaka at sa gayon ay itataas ang presyo ng kanilang mga produkto. Pero walang kinalaman ang mga kalsada sa pagpepresyo ng ani na madalas ay arbitraryong itinatakda ng malalaking komersyante.

Sa kaso ng mga komersyal na produkto tulad ng bigas, kakaw, kape, asukal at iba pa, itinatakda ang mga presyo batay sa pagtaas-baba ng mga presyo sa pandaigdigang pamilyan. Sa aktwal, nagiging behikulo pa ang mga kalsadang ito para padulasin ang pagbili ng mga komersyante ng ani sa mas mababang presyo dahil madali na sa kanila ang pagbyahe. Pinadali rin ng mga ito ang pagpasok ng mga mangangamkam ng lupa ng maliliit na magsasaka.

Dati nang programa ng nagdaang mga rehimen ang gayong mga kalsada. Noon pa man, ang paglalatag ng mga ito ay batbat sa burukratikong katiwalian, nagsisilbi lamang sa mga komersyal na plantasyon at mina, at sa mga layuning militar ng kontra-insurhensyang gera ng reaksyunaryong estado.

## Kalsadang magdudugtong ng gera sa korapsyon

Inisnapubliko ng Northern Mindanao Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC) na 142 proyektong kalsada na may halagang ₱17.6 bilion ang isasagawa ngayong taon. Mahigit doble ito sa 68 na inihanay noong 2020. Sa mga ito, 20 kalsada ay sa mga barangay na may mga nakatayang kampo ng militar.

Mahigit 68 sa 142 proyektong kalsada para sa 2021 ay nasa Bukidnon. Pina-kamarami ang sa ba-

yan ng Impasug-ong kung saan nakabase ang hedkwarters ng 8th IB. Hindi bababa sa 13 barangay na paglalagan ay may mga kampo, detachment o kasalukuyang inookupa ng mga sundalo ng AFP sa ngalan ng Community Support Program.

Batay sa datos ng Department of Public Works and Highways (DPWH) noong 2020, ang paggawa ng isang kilometrong kalsada ay nagkakahalaga ng abereyds na ₱13 milyon. Pero sa Baungon, Bukidnon, ang proyektong 8-kilometrong kalsada na magdudugtong sa mga barangay ng Mabuhay at Imbatug ay nagkakahalaga ng ₱67.5 milyon kada kilometro—limang ulit na mas mataas sa abereyds. Ang plano namang 8-kilometrong kalsada sa Barangay Concepcion, Valencia City ay nagkakahalaga nang mahigit doble, o ₱30 milyon kada kilometro.

Marami sa mga proyektong ito ay inilista nang ilang ulit, katulad ng planong kalsada sa Barangay Kibalabag, Malaybalay City na tatlong ulit na inilista at nilaanang ng badyet na mahigit ₱300-₱360 milyon bawat isa. Dalawang ulit namang inilista ang isang kalsada sa Kisolon sa Sumilao na pinondohan ng tig-₱600 milyon. Tatlong iba pang proyektong

sa prubinsya ang makatatanggap din ng dobleng pondo sa ilalim ng Barangay Development Program.

Bukod sa mga ito, ilan sa muling inihanay at pinondohan ay mga kalsadang itinayo na noong 2020, o di kaya'y matagal nang may mga kalsada. May ilan ding may tripleng alokasyon sa badyet ng DPWH.

## Sino ang makikinabang?

Sa mga ito pa lamang, limpak-limpak na ang makukulimbat ng mga heneral ng RTF-ELCAC, mga upisyal ng lokal na guberno at DPWH, na notoryus bilang pinakakorap sa mga ahensya ng reaksyunaryong estado. Makikinabang din sa pondo ng bayan ang mga kumpanya sa konstruksyon na malalapit sa pamilyang Duterte, tulad ng Ulticon Builders Incorporated, na kumokopo ng malalaking proyekto sa Mindanao. Nakaabang din ang mga kumpanya sa semento ng malalaking burgesyang kumprador na sina Ramon Ang (First Stronghold Cement Industries, Inc.) at Tomas Alcantara (Holcim Philippines) na nangungunang magkaribal sa negosyo sa semento sa Mindanao.

Ginhawa ang hatid ng mga kalsada para sa mga planta ng enerhiya at komersyal na plantasyon na namumutiktik sa Bukidnon. Sa rehiyon matatagpuan ang pinakamaraming komersyal na plantasyon, na sumasaklaw sa may 127,000 ektaryang lupaing agrikultural. Ang Dole, Davco at Del Monte na sumasaklaw ng buu-buong mga komunidad at lupaing ninuno sa pitong bayan sa prubinsya, ay target na magpalawak pa ng aabot sa 80,000 ektarya rito at karatig na Misamis Oriental. Sa may 30 proyektong FMR sa mga bayan na ito, lalupang magiging maaliwalas ang transportasyon ng mga produkto mula sa mga plantasyon.



# Pagkalugi ng mga magsasaka ng abaka sa Bicol

**B**ago pa ang pandemyang Covid-19, nalulugi na ang mga magsasaka ng abaka sa Catanduanes. Ang 50 kilo ng abaka ay naibebenta lamang sa halagang ₱3,000, na relatibong mas mababa kumpara sa kabuuang gastos sa produksyon at upa sa panginoong maylupa na umaabot sa ₱5,000.

Sa pangkalahatan, tinatayang hindi bababa sa 200,000 ang mga pamilyang magsasaka na nagtatanim ng abaka sa buong bansa. Sinasaklaw nito ang 180,302 ektarya ng taniman ng abaka. Atrasado, kalat-kalat at hindi sistematiko ang pagtatanim ng abaka. Walang makabuluhang pag-unlad ang mga kagamitan sa produksyon at manumano ang pagtatanim, pag-aani hanggang sa *paghag-ot* o pagsuyod para makuha ang mga hibla.

Karaniwang umaabot ng dalawang taon bago mapakinabangan at maani ang abaka mula sa pagtatanim nito. Tatlo hanggang apat na buwan naman ang inaabot bago ito muling tumubo. Sa 20-30 puno ng abaka, nakakapag-ani ang magsasaka ng 20 kilo ng abaka na nangangailangan ng 2-3 tauhan para anihin ng 2-3 araw.

Ang Catanduanes, ayon sa Philippine Fiber Industry Development Authority, ang nagsusuplay ng 30% ng abaka sa buong bansa. Ang rehiyon ng Bicol ang may pinakamalaking bahagdan ng produksyon ng abaka.

Ayon sa pag-aaral ng Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Bicol, ang abereyds na presyo ng tuyong abaka sa Catanduanes ay ₱60/kilo bago ang pandemya. Maaari pang magbago ang presyo ng tuyong abaka batay sa kalidad nito. Kadalasang mas barat ang presyo ng tuyong abaka kung ito ay hindi maputi. Para makapagbenta ng 50 kilo ng tuyong abaka, gumagastos ng kabuuang ₱4,210 ang mga magsasaka para sa produksyon.

Makukwenta ang gastos sa sumusunod na paraan: ₱600 para sa paghahawan at pagpuputol ng mga

puno ng abaka. Minimum na dalawang magsasaka ang kailangang iempleyo para sa pagsuyod. Sa dalawang araw nagsusuma ito ng ₱2,400. Gumagastos naman ng ₱300 sa pagbibilad.


Para sa transportasyon, tinatayang gumagastos ang mga magsasaka ng ₱1 kada kilo para sa paghahakot mula sa bukid tungong kalsada. Ang pagbyahe mula baryo tungo sa pisaran ay ₱30 kada bandala (bungkos/tinipong hibla ng abaka). Sa buong tatlong araw, ang gastos sa pagkain ay nagkakahalaga ng ₱450.

Ikakaltas mula sa kabuuang kita ang 25% upa sa panginoong maylupa. Sa kadulu-duluhan, lugi pa ang magsasaka ng aabot sa ₱1,960.

## Natatanging produktong Pilipino

Isa ang Pilipinas sa iilan lamang na bansa sa buong mundo na nagsusuplay ng abaka. Kilala ito sa tagwag na Manila Hemp. Liban sa rehiyon ng Bicol, nagpoprodyus ng abaca ang Mindoro sa Luzon, Leyte, Samar, Negros Oriental, Iloilo at Aklan sa Visayas at lahat ng mga prubinsya ng Mindanao. Karamihan sa mga nagsasaka nito ay maliliit at mahihirap na magsasaka at pambansang minorya. Noong 2016, 180,302 ektaryang lupa ang may tanim na abaka.

Nagsusuplay ang Pilipinas ng 87% sa pandaigdigang suplay ng abaka. Noong 2019, nakapag-eksport ito ng \$156 milyon (o ₱7.8 bilyon sa palitang \$1=₱50) halaga ng mga produktong abaka. Sa tala, ang abereyds na halaga ng produktong abaka na inieksport kada taon ay \$97.1 milyon kung saan 12.6% nito ay mula sa hibla ng abaka (*raw*



*fiber*).

Noong 2020, bumagsak ang kabuuang produksyon ng abaka nang 2.17% mula 72.3 libong metriko tonelada noong 2019 tungong 70.77 libong metriko tonelada. Dulot ito ng mga restriksyon sa transportasyon na ipinataw kaugnay sa pandemyang Covid-19 at mga bagyong nanalasa sa bansa sa huling bahagi ng 2020.

Batay sa datos ng Food and Agriculture Organization ng United Nations, ang abereyds na presyong pang-eksport ng hibla ng abaka sa buong 2016 ay nasa \$1.99-\$2.35/kilo (₱99.32-₱117.5) depende sa klase. Ito ay ₱30 na mas mataas sa presyong naipagbebenta ng magsasaka ang abaka sa mga komersyante.

Kung susumahin, ang ganansya sa pag-eksport ng 50 kilo ng hibla ng abaka ay aabot sa ₱4,966-₱5,875, higit 60% ng kita ng magsasaka na ₱3,000 lamang. Ito ay kahit pa solong binabalikang magsasaka ang produksyon, at walang dagdag halaga ang *raw fiber* na ini-eksport sa ibang bansa.

Umaabot sa 57% ng hibla ng abaka ay pinoproseso para sa paggawa ng mga *tea bag* at ibang espesyal na papel. Ang bawat *tea bag* ay nagkakahalaga ng ₱1.5-₱2 kada isa.

Ginagamit ang abaka sa paggawa ng pera, damit at iba pa. Noong nakaraang taon, naibalita rin na maganda itong materyal para sa paggawa ng *face mask*. AB



## Lider-union, mag-amang magsasaka, pinatay

BINARIL AT NAPATAY sa tarangkahan ng engklabo sa Barangay Canlubang, Calamba si Dandy Miguel noong Marso 28. Si Miguel, manggagawa ng Fuji Electric Philippines, ay presidente ng unyon dito na Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa sa Fuji Electric Philippines. Siya rin ang bise presidente ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan.

Pinamunuan ni Miguel ang laban ng unyon para sa taunang dagdag sahod na ipapatupad sa susunod na tatlong taon at magpatupad ng mga hakbang pangkalusugan laban sa Covid-19. Ika-10 siya sa mga aktibistang pinaslang sa rehiyon noong Marso.

Sa Camarines Norte, pinatay ng 96th IB noong Marso 19 ang mag-amang magsasaka na sina Louis Buenavente at Jetly Buenavente. Tinutugis noon ng mga sundalo ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na nangreyd sa mga pulis sa Purok 6, Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte. Pinalabas na mga Pulang mandirigma ang mag-ama. Basag ang mga mukha ng mag-ama at may mga tama sila ng bala

sa dibdib.

**Pambobomba.** Mahigit 15,000 residente sa 15 komunidad ng mga Mangyan ang napalikas dulot ng panganganyon ng 203rd IBde sa mga barangay sa hangganan ng Mansalay at Roxas sa Oriental Mindoro noong Marso 25-26. Pina-kapektado ang mga taga-Panaytayan sa Mansalay at San Vicente sa Roxas.

**Pagdukot.** Dinakip ng mga sundalo ng 203rd IBde ang magkapatid na Kadlos at Jeremy Lukmay, mga residente ng Sityo Kilapnit, Barangay Panaytayan, noong umaga ng Marso 25. Si Kadlos ay buntis at isang guro habang estudyante ang kanyang kapatid. Hindi pa sila inilitaw ng mga sundalo.

## "Huli week" sa semana santa

APAT NA LIDER-MASA at aktibista sa Central Luzon (CL), at isa pa sa Cagayan Valley na biktima ng *red-tagging* ang inaresto at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso noong semana santa. Tatlo ang inaresto sa CL noong Marso 30.

Inaresto si Joseph Canlas, tagapangulo ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon, sa Mexico, Pampanga. Aktibo siya sa mga kampanya laban sa pangangamkam at pagpapalit-gamit ng mga sakahan sa rehiyon.

Inaresto rin si Florente Viuya Sr., lider-manggagawa at pangulo ng Bayan-CL, sa Bamban, Tarlac. Kasama niyang naaresto ang *paralegal* ng Karapatan-CL si May Arcilla.

Sa Bulacan, inaresto noong Marso 26 si Concepcion Opalla, dating lider ng Kadamay na namuno sa okupasyon ng Pandi noong 2017. Dalawang araw bago siya inilitaw ng mga pulis.

Sa Southern Tagalog, inaresto si Genelyn Dichoso, upisyal ng Karapatan at kanyang anak na si Jennifer sa Calauag, Quezon noong Abril 5. Noong Marso 30, nireyd ng mga pulis ang upisina ng Alyansa ng Manggagawa sa Engklabo sa Santa Rosa, Laguna at tinamnan ng mga baril at pasabog.

Sa Manalo, Amuling, Cagayan inaresto noong Marso 24 si Calixto Cabildo, pangulo ng Anakpawis-Cagayan.

Samantala, di makatarungang inihwalay kay Elizabeth Estilon, detenidong pulitikal sa Sorsogon, ang kanyang sanggol na si Prince Joel noong Marso 27.

## Lockdown sa Metro Manila at 4 na prubinsya, pinahigpit

IPINATAW NG rehimeng Duterte mula Marso 29 hanggang Abril 11 ang pinahigpit na *lockdown (enhanced community quarantine)* sa Metro Manila, Cavite, Laguna, Bulacan at Rizal. Ito ay matapos pumalo nang 10,000 ang kaso ng dami ng nahawa ng Covid-19. Ayon sa datos ng Department of Health (DOH) noong Abril 1, 72% ng kabuuang kaso ng impeksyon sa bansa ay naitala sa naturang mga lugar.

Iniulat din ng DOH na umaabot na sa 79% ng kabuuang bilang ng mga *intensive care unit bed* (631 sa 804) ang okupado na ngayon, habang 69% naman ang sa mga *isolation bed* (3,143 sa 4,526) at 61% naman sa mga *ward bed* (2,180 sa 3,439). Nasa "kritikal na antas" na rin ang sangkatlo (50 sa 152) ng mga ospital sa National Capital Region, kalahati nito ang malapit nang mapuno at kalahati naman ang puno na at hindi na kaya pang tumanggap ng mga pasyente. Kabilang dito ang Philippine Orthopedic Center (75% ng kama ay okupado) kung saan naiulat na nagpositibo sa Covid-19 ang 117 sa 180 manggagawang pangkalusugan nito.

Noong Abril 4, pumalo sa 12,576 ang naitalang arawang bagong kaso, at sa 165,715 ang kabuuang aktibong kaso ng Covid-19 sa buong bansa.

# Panawagan para sa armadong paglaban sa Myanmar, lumalakas

**T**umingkad ang pangangailangan para sa armadong paglaban sa Myanmar (dating Burma) sa harap ng halos araw-araw na pamamaslang ng huntang militar sa mga sibilyang nagpuprotesta. Sa loob ng bansa, lumalaganap ang pananaw na hindi na sapat ang mga rali, barikada at sibil na pagsuway. Ito ay dahil habang nagtatagal, lalong nagiging brutal ang Tatmadaw (tawag sa pwersang militar ng Myanmar).

Noong Marso 26, 114 ang pinatay ng hunta sa isa sa pinakamadugong araw sa higit 2-buwan nang mga protesta ng mamamayan. Noong Abril 3, umabot na sa 550 ang pinatay ng hunta sa desperasyon nitong manatili sa poder. Apatnapu't anim nito ay mga bata. Mahigit sa 2,750 ang ikinulong.

Sa ulat ng mga internasyunal na pahayagan, mayroon nang mga aktibista mula sa mga sentrong urban na naglulunsad ng pagsasanay-militar sa lokal na mga estado (katumbas sa rehiyon) sa hangganan ng bansa. Ang mga estadong ito ay teritoryo ng mga pambansang minorya ng Myanmar kung saan umiiral ang iba't ibang armadong grupo. Tinawag ng estado ang mga ito bilang mga *ethnic armed orga-*

*nization* (EAO o armadong organisasyong etniko.) Ang mga grupong ito ay lumaban sa deka-dekada nang pagsasamantala at pang-aapi ng huntang militar at maging sa gub'yernong pinamunuan ni Aung San Suu Kyi at National League of Democracy (NLD). Noong 2015, pumirma ang 16 sa mga grupong ito sa isang pambansang kasunduan sa tigil-putukan kapalit ng paggalang ng estado sa kanilang awtonomiya.

Nang inagaw ng Tatmadaw ng estado poder noong Pebrero 1, agad na ibinukas ng mga armadong grupong etniko ang kanilang mga teritoryo sa gipit na mga aktibista at myembro ng NLD. Kinundena nila ang kudeta at itinuring na nawalan na ng bisa ang kanilang pinirmahan na pambansang kasunduan sa tigil-

putukan nang atakehin ng Tatmadaw pati ang kanilang mga teritoryo.

Mahaba ang kasaysayan ng armadong paglaban sa Myanmar. Masasabing hindi ito nawala mula 1939, kung kailan unang nabuo ang Partido Komunista ng Burma. Pina-munuan ng mga komunista ang armadong paglaban sa kolonyalistang British mula 1939-1941, mananakop na Japanese (1941-1945), muling pagbalik ng kolonyalistang British (1948-1962) at sa kalaunan, laban sa papet na gub'yernong sibil at pumalit dito na huntang militar mula 1962.

Tuluyang nalusaw ang partido komunista noong 1989 pero nagpatuloy ang panaka-nakang paglaban ng nalalabing mga komunistang elemento. Marami sa kanila ang tumulong sa pagbuo ng mga armadong grupo ng iba't ibang pambansang minorya para sa pambansang paglaya at pagpapasya-sa-sarili. Hindi bababa sa 28 pang ibang armadong grupong etniko ang umiiral sa Myanmar sa ngayon. AB

---

## Mga armadong aksyon laban sa kalsadang pangkontra-insurhensya sa India

HINDI BABABA SA 13 armadong aksyon ang inilunsad ng People's Liberation Army ng Communist Party of India (CPI)-Maoist mula Enero hanggang Marso ngayong taon.

Anim dito ay mga operasyong demolisyon laban sa mga nag-oope-rasyong paramilitar at mga makinaryang ginagamit sa konstruksyon. Pinakahuli ang pagpapasabog sa isang bus kung saan lima ang napatay na elemento ng District Reserve Guard (DRG) sa Nayanpur District noong Marso 23. Ang DRG ay pwersang paramilitar na itinatag ng estadong Indian noong 2017 para tutukan ang armadong paglaban ng CPI-Maoist. Maihahalintulad ang pwersang ito sa CAFGU sa Pilipinas.

Ilan pang aksyon ng CPI-Maoist

laban sa mga proyektong kalsada ang pagparalisa sa mga makinarya sa konstruksyon sa Logarda District noong Marso 16, Bahaglat District noong Enero 31 at Gadchiroli District noong Enero 27.

Ang naturang mga kalsada ay bahagi ng proyektong imprastruktura na tinaguriang Road Connectivity Project for Left Wing Extremism Affected Areas. (Maihahalintulad ito sa mga "farm-to-market road" ng NTF-ELCAC sa Pilipinas sa ilalim ng Barangay Development Program.) Bahagi ito ng programang

kontra-insurhensya na sinimulan noong 2016 ng gub'yerno ni Narendra Modi.

Ang bulto ng pondo para sa mga kalsadang ito ay manggagaling sa sentral na gub'yerno. Kapalit ng pondo, inoobliga ng gub'yerno ni Modi na ipatupad ng mga lokal na estado ang tatlong reporma sa agrikultura kaugnay sa pagbebenta ng mga produktong agrikultural, pagpapa-upa ng lupa at *contract growing* na iniratsada noong Oktubre 2020. Ang mga repormang ito ang nasa sentro ng protesta na nilahukan ng di bababa sa 250 milyong magsasaka na nagsimula noong Nobyembre 2020 at nagpapatuloy hanggang ngayon. AB